

PANTAY NA OPORTUNIDAD AY ANG BATAS

Ito ay paglabag sa batas para sa tumatanggap ng federal financial assistance na magdiskrimina sa sumusunod na mga basehan: laban sa sinumang indibidwal sa Estados Unidos, batay sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian (kabilang ang pagbubuntis, panganganak, at mga kaugnay na kondisyong medikal, stereotyping sa kasarian, transgender status, at pagkakakilanlang kasarian), bansang pinagmulan (kabilang ang limitadong kasanayan sa Ingles), edad, kapansanan, o politikal na kaugnayan o paniniwala, o, laban sa sinumang benepisyaryo ng, aplikante sa, o kalahok sa mga programang tinulungang pinansyal sa ilalim ng Title I of the Workforce Innovation and Opportunity Act (Batas na Titulo I ng Inobasyon at Oportunidad ng mga Manggagawa), sa batayan ng katayuan ng pagkamamamayan ng indibidwal o pakikilahok sa anumang programa o aktibidad na pinansyal na tinulungan ng WIOA Title I.

Ang tatanggap ay hindi dapat magdiskrimina sa alinman sa mga sumusunod na lugar: pagpapasya kung sino ang tatanggapin, o magkakaroon ng access, sa anumang WIOA Title I–pinansyal na tinutulungang programa o aktibidad; pagbibigay ng mga pagkakataon sa, o pagtrato sa sinumang tao patungkol sa, naturang programa o aktibidad; o paggawa ng mga desisyon sa trabaho sa pangangasiwa ng, o kaugnay ng, naturang programa o aktibidad.

Ang mga tatanggap ng pederal na tulong pinansyal ay dapat gumawa ng mga makatwirang hakbang upang matiyak na ang mga komunikasyon sa mga indibidwal na may mga kapansanan ay kasing epektibo ng mga komunikasyon sa iba. Ito ay nangangahulugan na, sa kahilingan at walang bayad sa indibidwal, ang mga tatanggap ay kinakailangang magbigay ng naaangkop na mga pantulong na tulong at serbisyo sa mga kwalipikadong indibidwal na may mga kapansanan.

ANO ANG DAPAT GAWIN KUNG NANINIWALA KA NA NAKARANAS KA NG DISKRIMINASYON

Kung sa tingin mo ay sumailalim ka sa diskriminasyon sa ilalim ng isang programa o aktibidad na pinansyal na tinutullungan ng WIOA Title I, maaari kang maghain ng reklamo sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng pinaghihinalaang paglabag sa alinman sa mga sumusunod:

Lokal na Antas	Antas ng Estado	Pederal na Antas
Pangalan ng Opisyal ng EO: Titulo: Pangalan ng WDB: Address ng WDB: Telepono: Fax: Mga Serbisyong Relay TTY/TDD-WI: Email:	Susana Vázquez García Opisyal ng Pantay na Oportunidad Kagawaran ng Pagpapaunlad ng Manggagawa ng Wisconsin Dibisyon ng Trabaho at Pagsasanay 201 E Washington Ave, Room E 100 PO Box 7972 Madison, WI 53707-7972 (608) 405-4067 TTY access via WI Relay: 711 Email: DETEOContact@dwd.wisconsin.gov	Direktor, Civil Rights Center (CRC) (Sentro ng mga Karapatang Sibil) Kagawaran ng Manggagawa ng U.S 200 Constitution Avenue NW, Room N-4123, Washington, DC 20210 o sa elektronikong paraan tulad ng itinuro sa CRC website sa www.dol.gov/crc

Kung ihahain mo ang iyong reklamo sa tatanggap, dapat kang maghintay hanggang sa mag-isyu ang tatanggap ng nakasulat na Notice of Final Action (Abiso ng Pangwakas na Aksyon), o hanggang sa lumipas ang 90 araw (alinman ang mas maaga), bago maghain sa Civil Rights Center (Sentro ng mga Karapatang Sibil) (tingnan ang address sa itaas).

Kung hindi ka binigyan ng tatanggap ng nakasulat na Notice of Final Action (Abiso ng Pangwakas na Aksyon) sa loob ng 90 araw mula sa araw kung kailan mo inihain ang iyong reklamo, maaari kang maghain ng reklamo sa CRC bago matanggap ang Abiso na iyon. Gayunpaman, dapat mong ihain ang iyong reklamo sa CRC sa loob ng 30 araw ng 90-araw na deadline (sa madaling salita, sa loob ng 120 araw pagkatapos ng araw kung kailan mo inihain ang iyong reklamo sa tatanggap). Kung bibigyan ka ng tatanggap ng nakasulat na Notice of Final Action (Abiso ng Pangwakas na Aksyon) sa iyong reklamo, ngunit hindi ka nasisiyahan sa desisyon o resolusyon, maaari kang magsampa ng reklamo sa CRC. Dapat mong ihain ang iyong reklamo sa CRC sa loob ng 30 araw mula sa petsa kung kailan mo natanggap ang Notice of Final Action (Abiso ng Pangwakas na Aksyon).